Tagsibol: Ang Panahon ng Pagbabago

Ang bawat isa ay may kanya-kanyang kwentong gustong ibahagi sa buong mundo, at karamihan sa mga kwentong-karanasan ng mga tao ay mga bagay na nag-iwan ng malaking epekto sa kanilang buhay. Ang buhay ng mag-aaral ang pinakatampok ng halos lahat ng mga tao. Paaralan ang lugar kung saan karamihang kwento nagsimula ang pagbabago sa buhay ng isang tao, dito nangyayari ang pagpapahusay ng mga kasanayan, paglikha ng mga layunin, ang malaman ng tao ang kaniyang potensyal, at maging mas mahusay kaysa sa dati. Ang buhay sa paaralan nakasaalang-alang ang kinabukasan ng bawat isa, at sa NCHU magsisimula ang kaunlaran ng aking buhay.

Nagsimula ang aking buhay-kolehiyo sa panahon ng tagsibol. Ako ay isang mag-aaral sa unang antas hanggang ngayon sa International Bachelor Program of Agribusiness (IBPA), kursong itinuturo gamit ang wikang Ingles na angkop para sa mga mag-aaral na gustong mag-aral tungkol sa paghawak ng negosyo sa agrikultura. Sa lahat ng mga bansa sa Asya, ang Taiwan ang isa sa mga maunlad na bansa na nagbibigay ng mahusay na sistema ng edukasyon. Batay sa aking pagsasaliksik, ang NCHU ay unang itinatag noon bilang Advanced Academy of Agronomy and Forestry na dalubhasa sa agham pang-agrikultura. Pinili kong mag-aral sa NCHU dahil isa ito sa pinaka-prestihiyosong unibersidad sa Taiwan, kung saan mahusay ang pagtuturo ukol sa agrikultura.

Karamihan sa mga pasilidad sa NCHU ay gumagamit ng modernong teknolohiya upang masuportahan ang mga mag-aaral sa klase. Isa sa mga pasilidad na ito ay; ang silid-aklatan sa NCHU, napakalawak nito at naglalaman ng napakaraming kaalamang-aklat. Maayos ang kaayusan ng lahat na nagbibigay ng mapayapang paligid, na kailanga ng mga mag-aaral upang makapokus sa pag-aaral. Mayroon ding napakalaking dyim at halos lahat ng mga larangan ng palakasan ay matatagpuan doon. Mayroon ding bukas na puwang para sa mga manlalaro sa gilid ng gym, at mayroong maraming mga basketbolan sa paligid. Isa sa mga katangian na nagustuhan ko sa NCHU, ay bukas ang paaralan para sa lahat upang puntahan, halimbawa nito ay maraming mga matatandang pumpunta upang mag-ehersisyo sa parke ng paaralan tuwing umaga, ang ilang mga may sapat na gulang ay nagbibisikleta at nag-dya*jogging* sa paligid ng paaralan. Ang campus ay may maraming mga puno saanman, malinis at may malusog na kapaligiran para sa lahat, na sumisimbolo ng mahusay na pagpapangalaga ng mga tao sa paaralan sa natural na kapaligiran.

Kilala ang NCHU sa pagbibigay ng maraming mga magagandang pagkakataon sa mga mag-aaral, pati na rin sa pagsuporta sa hinaharap ng mga mag-aaral, tulad ng *internships* at *exchange student* sa iba't ibang mga bansa na nauugnay sa Taiwan, mga

iskolarsip, at mga oportunidad sa trabaho. Ang OIA ay nagbibigay ng iskolarsip sa mga Internasyunal na mag-aaral upang matulungan sila sa gastusin dito sa bansang Taiwan, at nagbibigay ng katulong sa mga magtuturo para sa mga mag-aaral na gustong aplayan ito lalo na kung nahihirapan sila sa kanilang salapi sa Taiwan. Ang OIA ay may maraming mga kaganapan na nagsasangkot sa pakikipag-ugnayan ng iba't ibang mga lahi na nagpapalakas ng mga ugnayan sa pagitan ng mga Internasyonal na mag-aaral at mga mag-aaral na lahing Taiwanese.

Ang pag-aaral sa NCHU, ay nag-aalok ng maraming mga pagkakataon na maaaring makuha ng mga mag-aaral sa Internasyonal para sa mga layunin na nais nilang maabot. Ang pagbuo ng mga kasanayan, kaalaman, karunungan, kakayahan, at libangan ay nasa isang bagay mula dito. Tulad ng sinabi ng isang tao, "Sa paaralang ito, hindi dapat tayo magmadali. Gawin nating madali ang isang bagay sa pamamagitan ng pagsusumikap at pag-aaral ng mabuti. "